

Kagamitan sa pagsusuri para sa paaralan at bahay paalagaan ng bata

Huling Binago: Agosto 31, 2022

Petsa (mm-dd-yyyy) _____

Kung ang indibidwal na sinusuri ay immunocompromised ¹ o nakatira sa isang pinakamataas na panganib kung saan pinangyayarihan ng pagpulong sa pangangalaga (halimbawa, isang paaralan sa ospital, isang Programa ng Pagkakasosyo ng Edukasyon at Komunidad (Education and Community Partnership Program)), hindi ito ang tamang kagamitan o tool sa pag-screen o pagsusuri. Ang tamang kagamitan o tool ay makikita sa <https://covid-19.ontario.ca/school-screening>.

Ang mga tauhan, mag-aaral, bata, at bisita ay dapat mag-screen araw-araw bago pumasok sa paaralan o bahay paalagaan ng bata. Maaaring kumpletihin ito ng (mga) magulang/tagapangalaga sa ngalan ng bata o mag-aaral.

Ang sinumang nakakaramdam ng sakit o may anumang bago o lumalalang sintomas ng karamdaman, kabilang ang mga hindi nakalista sa screening tool na ito, ay dapat manatili sa bahay hanggang sa bumuti ang kanilang mga sintomas nang hindi bababa sa 24 na oras (o 48 oras para sa pagduduwal, pagsusuka, at/o pagtatae) at magpaiksamin sa kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung kinakailangan.

Mga tanong sa pagsusuri

Para sa mga tanong 1, 2, at 3, maaari ninyong piliin ang "Hindi" sa lahat ng mga sintomas **kung ang pareho** ay nauukol:

- Ang inyong mga sintomas ay bumubuti nang hindi bababa sa 24 na oras (48 oras kung kayo ay naduduwal, nagsusuka, at/o nagtatae) **at**
- Wala kayong lagnat.

1. Mayroon ba kayong alinman mga sintomas na ito?

Piliin ang alinman o lahat ng bago, lumalala, at hindi nauugnay sa anumang kilalang mga sanhi o kundisyon.

Lagnat at/o ngiki	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi
Ubo Hindi nauugnay sa anumang kilalang mga sanhi o kundisyon (halimbawa, pangmatagalang sakit na hindi gumagaling na sagabal sa paghinga o chronic obstructive pulmonary disease)	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi
Kinakapos na hininga Hindi nauugnay sa anumang kilalang mga sanhi o kundisyon (halimbawa, hika, pangmatagalang sakit na hindi gumagaling na sagabal sa paghinga o obstructive pulmonary disease, malubhang pangmatagalang pagpalya ng puso o heart failure)	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi
Pagkabawas o kawalan ng panlasa o kakayahang umamoy Hindi nauugnay sa anumang kilalang mga sanhi o kundisyon (halimbawa, ang mga kumpol-kumpol na laman sa loob ng ilong o nasal polyps, mga allergies, mga niyurolohikal na sakit o neurological disorders)	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi

Kung ang sinagot ninyo ay HINDI sa lahat, lumaktaw sa susunod na tanong.

1. Kabilang sa mga halimbawa ng **immune compromise** ay ang cancer chemotherapy, hindi ginagamot na impeksyon sa HIV na may CD4 T lymphocyte count na mas mababa sa 200, pinagsamang primary immunodeficiency disorder, pag-inom ng higit sa 20 mg/araw (o katumbas) ng prednisone nang higit sa 14 na araw, at pag-inom ng iba pang mga immune suppressive na gamot. Para sa screening tool na ito, ang mga katunayan tulad ng katandaan, diyabetis at nasa kalubhaan na ng sakit sa bato ay karaniwang hindi ipinalalagay na immunocompromised.

Kung OO ang sagot ninyo sa alinman sa mga sintomas na bilang sa tanong 1, huwag pumasok sa paaralan o pumunta sa bahay paalagaan ng bata:

- Manatili sa bahay (ibukod ang sarili) huwag pumasok sa paaralan/bahay paalagaan ng bata kahit man lang hanggang sa wala na kayong lagnat at ang inyong mga sintomas ay bumubuti nang hindi bababa sa 24 na oras (48 oras para sa pagduduwal, pagsusuka, at/o pagtatae). Huwag lumabas maliban para magpasuri, bumisita sa isang clinical assessment center, o para sa isang medikal na emergency. Kung mayroon kayong malalang sintomas tulad ng pananakit ng dibdib o hirap sa paghinga, pumunta sa pinakamalapit na emergency department.
- Kung mayroong pagsusuri para sa COVID-19, at kayo ay may mataas na panganib sa malalang sakit, dapat kayong magpasuri gamit ang 1 PCR o rapid molecular test (kung angkop) o 2 rapid antigen test na kinuha nang 24 hanggang 48 na oras sa pagitan (hindi kailangan ang pangalawang pagsusuri kung positibo ang una).
- Kung kayo ay nasa mas mataas na panganib na magkaroon ng malubhang karamdaman, dapat kayong magpasuri sa lalong madaling panahon ayon sa takdang panahon para sa pagtanggap ng paggamot sa COVID-19. Maaari kayong makinabang mula sa magagamit na paggamot upang maiwasan ang malubhang sakit. Sa ngayon, sapat na ang positibong resulta ng rapid antigen test para simulan ang paggamot sa COVID-19, para sa mga naaangkop, at hindi kailangang kumpirmahin ng PCR o rapid molecular test. Alamin pa ang tungkol sa pagsusuri para sa COVID-19 at mga opsyon sa paggamot sa <https://covid-19.ontario.ca/covid-19-clinical-assessments-and-testing>.
- Mga karagdagang pag-iingat sa 10 araw pagkatapos nagsimula ang inyong mga sintomas:
 - magsuot ng maayos na sukat ng mask sa lahat ng pampublikong lugar (kabilang ang paaralan at bahay paalagaan ng bata)
 - iwasan ang mga di-mahalagang aktibidad kung saan kailangan ninyong tanggalin ang inyong mask (halimbawa, pagtugtog ng instrumentong hinihipan o wind instrument sa klase ng musika o pagtanggap ng inyong mask para sa sports; kainan sa labas)
 - iwasang bumisita sa sinumang immunocompromised o maaaring nasa mas mataas na panganib na magkasakit (halimbawa, mga nakatatanda)
 - iwasan ang mga di-mahalagang pagbisita sa mga lugar na may pinakamataas na panganib tulad ng mga ospital at mga tahanan ng pangmatagalang pangangalaga o long-term care homes

PAUNAWA: Para sa mga taong may negatibong resulta ng pagsusuri sa COVID-19, itong mga karagdagang ay maaaring maging karagdagang patong ng pag-iwas laban sa pagkalat ng COVID-19 at iba pang mga respiratory virus na kumakalat sa komunidad.

- Dapat gawin ng mga kapatid at ibang taong kasama ninyo sa bahay ang mga sumusunod sa loob ng 10 araw pagkatapos ng kanilang huling pagkakalantad sa taong may mga sintomas ng COVID-19:
 - subaybayan ang sarili para sa mga sintomas. Dapat nilang ibukod ang sarili kaagad kung magkaroon sila ng anumang sintomas ng COVID-19 at humingi ng pagsusuri kung naaangkop
 - magsuot ng maayos na sukat ng mask sa lahat ng pampublikong lugar (kabilang ang paaralan at bahay paalagaan ng bata)
 - iwasan ang mga di-mahalagang aktibidad kung saan kailangan ninyong tanggalin ang inyong mask (halimbawa, pagtugtog ng instrumentong hinihipan o wind instrument sa klase ng musika o pagtanggap ng inyong mask para sa sports; kainan sa labas)
 - iwasang bumisita sa sinumang immunocompromised o maaaring nasa mas mataas na panganib na magkasakit (halimbawa, mga nakatatanda)
 - iwasan ang mga di-mahalagang pagbisita sa mga lugar na may pinakamataas na panganib tulad ng mga ospital at mga tahanan ng pangmatagalang pangangalaga o long-term care homes

PAUNAWA: Anuman ang mga resulta ng pagsusuri sa COVID-19, ang mga hakbang na ito ay maaaring maging karagdagang patong ng pag-iwas laban sa pagkalat ng COVID-19 at iba pang mga respiratory virus na kumakalat sa komunidad.

- Hindi ninyo kailangang suriin ang natitirang mga tanong sa kagamitan na ito ngayon. Gawin muli ang kagamitan sa pagsusuri o screening tool bawat araw bago pumasok sa paaralan o bahay paalagaan ng bata.

2. Mayroon ba kayong alinman mga sintomas na ito?

Piliin ang alinman o lahat ng bago, lumalala, at hindi nauugnay sa anumanag sanhi o kundisyong mayroon na kayo.

Sakit sa kalamnan o sakit sa kasukasuan

Hindi nauugnay sa iba pang mga kilalang dahilan o kundisyon (halimbawa, pagkuha ng bakuna para sa COVID-19 at/o flu shot sa nakalipas na 48 oras, pamamaga ng kasukasuan o bukong-bukong o osteoarthritis, masakit, paninigas ng kalamnan o fibromyalgia)

Oo Hindi

<p>Labis na kapaguran</p> <p>Pangkalahatang pakiramdam ng hindi maayos, kawalan ng enerhiya, walang kaugnayan sa iba pang kilalang dahilan o kundisyon (halimbawa, pagkuha ng bakuna para sa COVID-19 at/o flu shot sa nakalipas na 48 oras, kalungkutan o depression, hindi makatulog o insomnia, di-normal na takbo ng tayroid o thyroid dysfunction, kakulangan sa dugo o anemia, kalalaan o malignancy)</p>	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi
<p>Masakit na lalamunan</p> <p>Masakit na paglunok o kahirapan sa paglunok, hindi nauugnay sa iba pang alam na sanhi o kundisyon (halimbawa, ang sobrang uhog sa ilong o post-nasal drip, sakit ng sikmura o acid reflux)</p>	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi
<p>Sinisipon o baradong ilong</p> <p>Hindi nauugnay sa iba pang kilalang dahilan o kundisyon (halimbawa, pana-panahong mga allergy, nasa labas sa malamig na panahon, hindi gumagaling na pamamaga ng saynus o sinusitis)</p>	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi
<p>Sakit ng ulo</p> <p>Hindi nauugnay sa iba pang mga kilalang dahilan o kundisyon (halimbawa, pagkuha ng bakuna para sa COVID-19 at/o flu shot sa nakalipas na 48 oras,- Sakit ng ulo dahil sa tensyon, matinding paulit-ulit na sakit ng ulo o migraine)</p>	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi
<p>Pagduduwal, pagsusuka at/o pagtatae</p> <p>Hindi nauugnay sa iba pang kilalang dahilan o kundisyon (halimbawa, lumilipas na pagsusuka dahil sa pagkabalisa sa mga bata, hindi gumagaling na pagkalula at walang balanse ng katawan o vestibular dysfunction, ang hindi matunawan at nagtatae o irritable bowel syndrome, sakit na pamamaga ng bituka o inflammatory bowel disease, masamang epekto o side effect ng gamot)</p>	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi

Kung ang sinagot ninyo ay HINDI sa lahat, lumaktaw sa susunod na tanong.

Kung OO ang sagot mo sa dalawa o higit pa sa mga sintomas sa tanong 2, sundin ang gabay sa ilalim ng "kung sinabi ninyo OO sa anumang sintomas sa tanong 1."

Kung OO ang sagot ninyo sa alinman sa mga sintomas na bilang sa tanong 2, huwag pumasok sa paaralan o pumunta sa bahay paalagaan ng bata:

- Manatili sa bahay hanggang ang inyong (mga) sintomas ay bumuti nang hindi bababa sa 24 na oras (o 48 oras kung ikaw ay naduduwal, nagsusuka, o nagtatae) at hangga't wala kang lagnat.
- Ang mga kapatid o ibang taong kasama ninyo sa bahay ay hindi kailangang manatili sa bahay hangga't hindi sila nagkakaroon ng mga sintomas.
- Hindi ninyo kailangang suriin ang natitirang mga tanong sa kagamitan na ito ngayon. Gawin muli ang kagamitan sa pagsusuri o screening tool bawat araw bago pumasok sa paaralan o bahay paalagaan ng bata.

3. Mayroon ba kayong alinman mga sintomas na ito?

Piliin ang alinman/lahat ng bago, lumalala, at hindi nauugnay sa anumang sanhi o kundisyong mayroon na kayo.

<p>Sakit sa tiyan</p> <p>Hindi nauugnay sa anumang kilalang mga sanhi o kundisyon (halimbawa, pamumulikat dahil sa pagrereglá o menstrual cramps, ang sakit na ang asidong nanggagaling mula sa bituka ay umaakyat sa lalaluman o gastroesophageal reflux disease)</p>	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi
<p>Pamamaga at impeksyon sa mata (Pink eye)</p> <p>Hindi nauugnay sa anumang kilalang mga sanhi o kundisyon (halimbawa, pamamaga na talukap ng mata o blepharitis, paulit-ulit na kuliti o recurrent styes)</p>	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi
<p>Nabawasan o walang ganang kumain (mga bata lamang)</p> <p>Hindi nauugnay sa anumang kilalang mga sanhi o kundisyon (halimbawa, pagkabalisa, pagtitibi)</p>	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi

Kung ang sinagot ninyo ay HINDI sa lahat, lumaktaw sa susunod na tanong.

Kung OO ang sagot ninyo sa alinman sa mga sintomas na bilang sa tanong 3, huwag pumasok sa paaralan o pumunta sa bahay paalagaan ng bata at:

- Manatili sa bahay hanggang ang inyong (mga) sintomas ay bumuti nang hindi bababa sa 24 na oras.
- Ang mga kapatid o ibang taong kasama ninyo sa bahay ay hindi kailangang manatili sa bahay hangga't hindi sila nagkakaroon ng mga sintomas.

- Hindi ninyo kailangang suriin ang natitirang mga tanong sa kagamitan na ito ngayon. Gawin muli ang kagamitan sa pagsusuri o screening tool bawat araw bago pumasok sa paaralan o bahay paalagaan ng bata.

4. Sinabihan ba kayo na dapat kayong kasalukuyang nagka-kwarentenas, bumubukod, nananatili sa bahay, o hindi pumapasok sa paaralan o bahay paalagaan ng bata? Oo Hindi

Maaaring kabilang ang napagsabihan ng isang doktor, tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, yunit ng pampublikong kalusugan, ahente ng pederal na hangganan, o iba pang awtoridad ng pamahalaan.

Pakitandaan na mayroong mga pederal na kinakailangan (<https://travel.gc.ca/travel-covid>) para sa mga indibidwal na naglakbay sa labas ng Canada, kahit na hindi kinailangan magkuwarentenas.

Kung ang sinagot ninyo ay HINDI sa lahat, lumaktaw sa susunod na tanong.

Kung ang sagot ninyo ay OO sa tanong 4 huwag pumasok sa paaralan o sa bahay alagaan ng bata:

- Manatili sa bahay huwag lumabas maliban para magpasuri, bumisita sa isang clinical assessment center, o para sa isang medikal na emergency.
- Sundin ang anumang iba pang patnubay o direksyon na ibinigay sa inyo
- Ang mga kapatid at ibang taong kasama ninyo sa bahay ay hindi kailangang manatili sa bahay maliban kung sasabihin din sa kanila na magkuwarentenas, magbukod, o manatili sa bahay.
- Hindi ninyo kailangang suriin ang natitirang mga tanong sa kagamitan na ito ngayon. Gawin muli ang kagamitan sa pagsusuri o screening tool bawat araw bago pumasok sa paaralan o bahay paalagaan ng bata.

5. Sa nakalipas na 10 araw, nagpositibo ba kayo sa COVID-19? Oo Hindi

Kabilang dito ang positibong resulta sa pagsusuri para sa COVID-19 na mula sa laboratoryong PCR test, rapid molecular na test o ibang pambahay na ginagamit na pang-test sa sarili.

Kung sumagot kayo ng HINDI, lumaktaw sa seksyon sa ibaba "Kung sumagot kayo ng 'hindi' sa lahat ng mga tanong."

Kung OO ang sagot ninyo sa tanong 5, at wala kayong anumang bago o lumalalang sintomas, maaari kayong pumunta sa paaralan o bahay paalagaan ng bata

- Kung mayroon kayong anumang bago o lumalalang sintomas, manatili sa bahay hanggang sa wala kayong lagnat at ang inyong mga sintomas ay bumubuti nang hindi bababa sa 24 na oras (o 48 na oras kung naduduwal, pagsusuka, o pagtatae).
- Sa loob ng 10 araw pagkatapos ninyong masuri na positibo para sa COVID-19 (o mula nang magsimula ang mga sintomas, alinman ang mauna):
 - magsuot ng maayos na sukat ng mask sa lahat ng pampublikong lugar (kabilang ang paaralan at bahay paalagaan ng bata)
 - iwasan ang mga di-mahalagang aktibidad kung saan kailangan ninyong tanggalin ang inyong mask (halimbawa, pagtugtog ng instrumentong hinihipan o wind instrument sa klase ng musika o pagtanggap ng inyong mask para sa sports; kainan sa labas)
 - iwasang bumisita sa sinumang immunocompromised o maaaring nasa mas mataas na panganib na magkasakit (halimbawa, mga nakatatanda)
 - iwasan ang mga di-mahalagang pagbisita sa mga lugar na may pinakamataas na panganib tulad ng mga ospital at mga tahanan ng pangmatagalang pangangalaga.

PAUNAWA: Kung nagpositibo kayo sa huling 10 araw, dapat pa rin ninyong sundin ang mga tagubiling ito kahit na negatibo kayo sa huli.

- Dapat gawin ng mga kapatid at ibang taong kasama ninyo sa bahay ang mga sumusunod sa loob ng 10 araw pagkatapos ng kanilang huling pagkakalantad sa taong nasuring positibo:
 - subaybayan ang sarili para sa mga sintomas. Dapat nilang ibukod ang sarili kaagad kung magkaroon sila ng anumang sintomas ng COVID-19 at humingi ng pagsusuri kung naaangkop
 - magsuot ng maayos na sukat ng mask sa lahat ng pampublikong lugar (kabilang ang paaralan at bahay paalagaan ng bata)
 - iwasan ang mga di-mahalagang aktibidad kung saan kailangan ninyong tanggalin ang inyong mask (halimbawa, pagtugtog ng instrumentong hinihipan o wind instrument sa klase ng musika o pagtanggap ng inyong mask para sa sports; kainan sa labas)
 - iwasang bumisita sa sinumang immunocompromised o maaaring nasa mas mataas na panganib na magkasakit (halimbawa, mga nakatatanda)
 - iwasan ang mga di-mahalagang pagbisita sa mga lugar na may pinakamataas na panganib tulad ng mga ospital at mga tahanan ng pangmatagalang pangangalaga

Kung HINDI ang sagot ninyo sa lahat ng mga tanong, maaaring pumasok sa paaralan/pumunta sa bahay paalagaan ng bata ng bata ang inyong anak.

Kung may sakit kayo o hindi maganda ang pakiramdam, kahit na may mga sintomas na hindi nakalista sa kagamitan sa pagsusuri na ito, dapat kayong manatili sa bahay. Kumausap sa isang doktor kung kinakailangan. Ang mga indibidwal na may malulubhang mga sintomas na nangangailangan ng emergency na pangangalaga ay kinakailangang pumunta sa kanilang pinakamalapit na departamento ng emergency.

Gawin muli ang pagsusuri araw-araw bago pumasok sa paaralan o bahay paalagaan ng bata.

Kung kayo ay nakilala bilang isang malapit na kontak ng isang taong may mga sintomas o may COVID-19, sa loob ng 10 araw pagkatapos ng inyong huling pagkakalantad sa tao:

- magsuot ng maayos na sukat ng mask sa lahat ng pampublikong lugar (kabilang ang paaralan at bahay paalagaan ng bata)
- iwasan ang mga di-mahalagang aktibidad kung saan kailangan ninyong tanggalin ang inyong mask (halimbawa, pagtugtog ng instrumentong hinihipan o wind instrument sa klase ng musika o pagtanggap ng inyong mask para sa sports)
- iwasan ang hindi kinakailangan na pagbisita sa sinumang immunocompromised o maaaring nasa mas mataas na panganib na magkasakit (halimbawa, mga nakatatanda)
- iwasan ang mga di-mahalagang pagbisita sa mga lugar na may pinakamataas na panganib tulad ng mga ospital at mga tahanan ng pangmatagalang pangangalaga.

PAUNAWA: Anuman ang mga negatibong resulta ng pagsusuri sa COVID-19, ang mga hakbang na ito ay maaaring maging karagdagang patong ng pag-iwas laban sa pagkalat ng COVID-19 at iba pang mga respiratory virus na kumakalat sa komunidad.

Kung mayroon kayong mga sintomas ng COVID-19 sa nakalipas na 10 araw, sa loob ng 10 araw pagkatapos magsimula ang mga sintomas:

- magsuot ng maayos na sukat ng mask sa lahat ng pampublikong lugar (kabilang ang paaralan at bahay paalagaan ng bata)
- iwasan ang mga di-mahalagang aktibidad kung saan kailangan ninyong tanggalin ang inyong mask (halimbawa, pagtugtog ng instrumentong hinihipan o wind instrument sa klase ng musika o pagtanggap ng inyong mask para sa sports; kainan sa labas)
- iwasang bumisita sa sinumang immunocompromised o maaaring nasa mas mataas na panganib na magkasakit (halimbawa, mga nakatatanda)
- iwasan ang mga di-mahalagang pagbisita sa mga lugar na may pinakamataas na panganib tulad ng mga ospital at mga tahanan ng pangmatagalang pangangalaga

PAUNAWA: Para sa mga taong may negatibong resulta ng pagsusuri sa COVID-19, itong mga hakbang ay maaaring madagdagan ng isa pang patong ng pag-iwas laban sa pagkalat ng COVID-19 at iba pang mga respiratory virus na kumakalat sa komunidad.

Kung kayo ay nabakunahan na para sa COVID-19 o flu shot sa nakalipas na 48 oras at mayroon kayong medyong pagkapagod, pananakit ng kalamnan/kasu-kasuan, at/o sakit ng ulo:

- Dapat kayong magsuot ng maayos na mask sa buong oras sa paaralan/bahay paalagaan ng bata kung nakakaranas kayo ng medyong pagkapagod/kapaguran, pananakit ng kalamnan, at/o pananakit ng kasukasan na nagsimula lamang pagkatapos ng pagbabakuna.
- Kung lumala ang inyong mga sintomas, magpatuloy sa nakalipas na 48 oras, o kung magkaroon kayo ng iba pang mga sintomas: dapat kayong umalis kaagad sa paaralan/bahay paalagaan ng bata.

Kung naglakbay kayo sa labas ng Canada sa nakalipas na 14 na araw

- Dapat ninyong sundin ang mga pederal na panuntunan, (<https://travel.gc.ca/travel-covid>) pagkatapos bumalik sa Canada, kahit na hindi kayo kinakailangang magkuwarantenas.

Mga mungkahi sa kalusugan at kaligtasan

Ang pag-alis ng mga kinakailangan sa probinsiya ay hindi nangangahulugan na ang panganib para sa COVID-19 ay nawala. Kailangan pa rin nating gawin ang ating bahagi upang maprotektahan ang ating sarili at ang iba mula sa COVID-19. Kabilang dito ang pagsasagawa ng mabuting kalinisan sa kamay at pagsusuot ng mask kung saan inirerekomenda o kinakailangan.

Magpabakuna para sa COVID-19 at iba pang karaniwan na pagbabakuna kapag naaangkop.

Ang mga bakuna ay ligtas, mabisa, at ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan kayo at ang mga nasa paligid ninyo mula sa mga nakakahawang sakit. Alamin pa sa: <https://www.ontario.ca/page/vaccines>